**GAWAD SWF 2024**
**Natatanging Yunit na Tagapagtaguyod ng Wikang Filipino**

## I. Introduksiyon

Ang **GAWAD SWF *Natatanging Yunit na Tagapagtaguyod ng Wikang Filipino*** ng Sentro ng Wikang Filipino – Unibersidad ng Pilipinas Diliman (SWF-UPD) ay iginagawad sa yunit (akademiko o administratibo) sa Unibersidad na aktibong nagsusulong sa wikang Filipino.

Pangunahing layunin nito na kilalanin ang mga pagsisikap ng yunit sa pagsusulong at paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo/pagsasanay, pananaliksik at publikasyon, at opisyal na komunikasyon at serbisyo publiko.

### 1. Kalipikasyon

Maaaring mapabilang sa shortlist ang mga yunit na nabisita o nakatuwang ng Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman para sa pagtataguyod ng mga proyekto at/o Komite sa Wika mula taong 2021 hanggang 2024.

### 2. Proseso at Pamantayan sa Pagpili

2.1. Ang Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman (SWF-UPD) ang magsisilbing screening committee na pipili ng shortlist para sa GAWAD SWF ***Natatanging Yunit na Tagapagtaguyod ng Wikang Filipino***.

2.2. Padadalhan ng SWF-UPD ng liham ang mga yunit na na-shortlist para sa kanilang pagsang-ayon. Hihilingin sa mga yunit na sumagot ng Pormularyo para sa Gawad at magsusumite ng

mga lakip na pagpapatibay/dokumentasyon para sa mga maitatala rito.

2.3 Bubuo ang SWF-UPD ng Lupon ng mga Hurado na susuri sa mga dokumentong isinumite ng mga na-shortlist na yunit at hihirang sa pagkakalooban ng GAWAD SWF ***Natatanging Yunit na Tagapagtaguyod ng Wikang Filipino.***

2.4. Ang mga yunit na na-shortlist ay tatasahin sa sumusunod na pamantayan o kriterya:

| **Kriterya** | **Mga Palatandaan at Marka** |
|---|---|
| A. Pagtuturo at Pagsasanay | A.1. Paggamit ng mga guro o tagapagsanay ng wikang Filipino sa pagtuturo o instruksiyon<br>A.2. Paggamit ng mga guro o tagapagsanay ng mga materyal at sanggunian sa wikang Filipino |
| B. Pananaliksik, publikasyon, at malikhaing gawain | B.1. Pagsulat o paglalathala ng mga artikulo at pananaliksik sa Filipino<br>B.2. Pagsulat o paglalathala ng mga aklat sa Filipino<br>B.3. Pagsulat o paglalathala ng mga malikhaing akda sa Filipino<br>B.4. Eksibisyon at pagtatanghal sa wikang Filipino |
| C. Opisyal na Komunikasyon | C.1. Pagsulat ng mga korespondensiya opisyal sa Filipino gaya ng liham, MEMO, anunsiyo, katitikan ng pulong, at iba pa<br>C.2. Paggamit ng wikang Filipino sa daloy at pagpapadaloy ng programa, panawagan o anunsiyo, pubmat, at iba pa.<br>C.3. Paggamit ng wikang Filipino sa survey o ebalwasyon ng programa/proyekto |

| | |
|---|---|
| D. Serbisyo Publiko | Pagtataguyod ng mga programa o proyektong ekstensiyon na pumapaksa o gumagamit ng Filipino. |

2.5. Kung sakaling may iba pang kahingian at kinakailangan ang lupon ng hurado, maaari itong magpatawag ng panayam at/o humingi ng karagdagang mga dokumentasyon.

2.6. Inaasahan ang pagdalo ng mga finalist sa araw ng *Paglulunsad at Paggawad 2024*, panapos-programa ng Buwan ng Wika ng SWF-UPD sa 30 Agosto 2024, para sa pormal na pagkilala sa mga GAWAD SWF.

2.7. Ang desisyon ng lupon ng hurado sa pagpili ng gagawaran ay pinal at hindi maipaghahabol.

## 3. Panuntunan sa Pagtanggap na Maging Finalist

3.1. Isumite sa Mga Finalist para sa Natatanging Yunit na Tagapagtaguyod ng Wikang Filipino ang sumusunod na kahingian:

3.1.1 Sinagutang Pormularyo ng mga Finalist para sa Natatanging Yunit na Tagapagtaguyod ng Wikang Filipino na may lagda ng pagsang-ayon mula sa Yunit.

3.1.2 Mga lakip na dokumentasyon bilang patunay sa mga naitala sa pormularyo katulad ng mga larawan, sertipiko o sertipikasyon, aprobadong proposal, at iba pa na nakatipon sa iisang PDF File.

3.1.2 Logo ng yunit (jpeg/png file)

3.2. Ang hindi pagsunod sa mga panuntunan sa pagpapasa ng nominasyon ay awtomatikong mapapawalang bisa o diskwalipikasyon.

3.3. Ang huling araw ng pagpapasa ng mga kahingian ay sa **30 Hulyo 2024, Martes, 5:00 nh.**

**IV. Premyo**

Makatatanggap ang hihirangin na GAWAD SWF *Natatanging Yunit na Tagapagtaguyod ng Wikang Filipino* ng:

a. Sertipiko ng Pagkilala
b. Plake ng Gawad SWF
c. Insentibong nagkakahalagang Php 50, 000 piso

Para sa iba pang detalye o katanungan, maaaring mag-iwan ng mensahe kay Mx. Nalla E. Avena <aeavena@up.edu.ph> o tumawag sa telepono: VOIP Local 4583.